

Ang ika-PITONG SULAT NG OBISPO UKOL SA PAG-IINGAT PARA SA PAGPIGIL SA IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS

Ang Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Abril 23, 2020

Mga kapatid ko sa Diyosesis ng Saitama,

Ipagpaumanhin po ninyo na hindi pa natin makita ang tanda ng pagtigil ng pagkalat ng Novel Corona Virus na impeksiyon kahit na dineklara ang “Emergency Measures” ng Gobyerno, sa buong Japan. Ninanais ko ang isang mainit na pagbati sa muling Pagkabuhay at kahit sa Semana Santa ay walang mga misa ngunit mayroong espisyal na mga panalangin, upang makasunod sa mga pag-iingat na inilathala ng Diyosesis. Ang Diocesan Advisory Committee ay nag-uusap sa pamamagitan ng internet at nakapagbuo ng sumusunod na mga desisyon hanggang sa katapusan ng Mayo.

- 1. Ang termino ng pagsuspende ng mga pampublikong mga misa ay hanggang Sabado, Mayo 30, isang araw bago ang Pentekostes.**
- 2. Ang pagkansela sa mga sumusunod na mga pagpupulong sa Diyosesis**
 - Ang pagpupulong ng Diyosesis para sa mga kasapi sa Diocesan Ministry (na dapat gawin sa ika-15 0 17 ng Hunyo)
(Ang paghahanda para sa pagpupulong ay ipagpatuloy. Kung sapat na ang panahon, ang pagpupulong ay gaganapin sa mapag-usapang araw)
 - Ang Diocesan Committee para sa ministry at pastoral care (Hulyo 19)
 - Ang pag-iisang pagninilay ng Diyosesis ng Saitama at Diyosesis ng Niigata (Setyembre 27-25)
 - Ang pagpupulong ng mga pari at diyakono ng Diyosesis (Nobyembre 30-Disyembre 1)
(Ngunit kung ang pagkalat ng Novel Corona Virus ay hihinto, itutuloy ang pagpupulong na ito)
- 3. Ang mga sumusunod na mga pag-iingat ay mananatili.**

Ang pangunahing mga polisiya sa pagpigil ng Novel Corona Virus ay mananatili at ang mga sumusunod:

- 1) Huwag manatili sa isang maliit at saradong lugar at magtipon ng magkalapit at magpupulong ng walang distansiya.
- 2) Ang paglabas at pagbiyahe na hindi kailangan o emerhensiya.

Dapat isipin natin ang mga taong nagtrabaho sa pangangalagang medical, gaya ng mga doctor, nars na nagsakripisyo sa pangangalaga sa mga pasyenteng nagkasakit ng Novel Corona Virus at sa mga nagtrabaho sa mga nursing homes. Nagtrabaho sila ng maigi kahit delikadong mahawaan. Isipin natin at ipagdasal sila upang mahigpit nating sundin ang mga pag-iingat at batas.

Pagkumpirmang muli ng mga sumusunod na mga tagubilin na binigay na noon.

- 1) Para sa mga Misa sa Linggo na kinansela, ang mga mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama ay dispensado sa mga obligasyon na magsimba.
- 2) Ang mga Binyag ay ipagpaliban.
- 3) Ang sakramento ng Kumpisal ay ipagpaliban, maliban kung emerhensiya gaya ng naghihingalo.
- 4) Ang Sakramento ng Pagpapahid ng Langis ay maaring gawin ngunit dapat mag-ingat.
- 5) Maaring gawin ang Paglilibing ngunit dapat mag-ingat laban sa pagkahawa gaya ng hindi paglagi sa maliit at saradong lugar at hindi magkalapit sa isat-isa.
- 6) Ang Kasal ay ipagpaliban hanggang mawala ang Novel Corona Virus.
- 7) Ang pampublikong pagtitipon at misa ay ipagpaliban o ikansela.
- 8) Ang pang-araw-araw na misa ay maaring iaalay ng pari sa pribadong lugar na walang tao.
- 9) Ang mga simbahan ay manatiling bukas sa mga taong nais na magdasal. Ngunit huwag mamalagi sa maliit at saradong lugar at magkalapit. Dapat may distansiya. Hindi kayang isterilize ang simbahan ng palagian kaya hinihikayat ko kayo na magmumog at maghugas ng mga kamay pagka-uwi sa inyong tahanan.
- 10) Mayroong panlinggong basahin ukol sa Liturhiya at Bibliya sa bungad ng Simbahan at maari ninyong kunin at gamitin.
- 11) Ang homoliya ng Obispo sa bawat lingo ay nasa webpage ng Diyosesis na ilathala sa bawat Martes.
- 12) Kung ang inyong Parokya ay may webpage mas mainam na ilagay at basahin ang homiliya sa linggo ng inyong pari.

4. Ang kagyat na pananawagan at pag-ayuda ng Caritas Japan para sa mga nahawa sa Novel Corona Virus.

Ang inyong abuloy ay gagamitin sa mga sumusunod na serbisyo:

- 1) Para sa Internayonal na Suporta sa pamamagitan ng Caritas International para sa mga nagdusa sa virus at sa mga naghihirap sa buong mundo.
- 2) Para sa suporta sa local na pangangailangan sa pamamagitan ng Caritas Japan at para sa mga grupo na kumikilos upang labanan ang pagkalat ng impeksiyon ng Novel Corona Virus at suporta sa mga nangangailangan.

Maaring ibigay ang inyong mga donasyon direktso sa Caritas Japan/The Catholic Bishop's Conference of Japan.

Ang postal transfer account ng Caritas Japan: 00170-5-95979

Ang pangalan ng subscriber: The Caritas Japan/The Catholic Bishop's Conference of Japan.

Dapat seguraduhin na kayo at tatanungin at isulat ng maliwanag na ito ay para sa "The Novel Corona Virus Donations".

At kung ikaw ay na rehistro sa internet services ng Japan Post Bank para "Yucho-Direct" ang inyong client number ay 6257.

5. Ang Diyosesis ay magsimulang magbahagi ukol sa matinding pagbaba ng mga abuloy sa misa sa mga parokya ng Diyosesis.

Ang Diyosesis ng Saitama ay mayroong kongregasyon ng ibat-ibang nasyonalidad. Kaya ang pera ng Diyosesis ay matinding umaasa sa mga abuloy sa misa sa mga parokya ng Diyosesis. Dahil sa paghinto ng mga pampublikong misa sa mahabang panahon, maraming mga parokya ang nahirapan dahil sa walang abuloy. Dahil dito ang Diyosesis ay magsimulang ikonsidera ang pamamalagi ng gastusin ng Diyosesis na maaring maisali ang posibleng pagbawas ng kontribusyon ng mga parokya para sa Diyosesis at sa mga pari at ang gastusin ng Diyosesis at sa mga allowance ng mga pari.